



ADA National Network

Impormasyon, Gabay at Pagsasanay ukol sa Americans with Disabilities Act (batas para sa mga amerikanong may kapansanan)



Tawagan kami nang libre
1-800-949-4232 V/TTY
Hanapin ang iyong rehiyonal na sentro sa:

www.adata.org

Ipinagkaloob Ng:

Pacific ADA Center

1-800-949-4232 (Voice/TTY)

(510) 285-5600 (Voice/TTY)

adatech@adapacific.org

www.adapacific.org

Pagpapalano ng Kuryenteng Pang-emergency para sa Mga Taong Gumagamit ng Kuryente at Pantulong na Teknolohiya at Mga Medikal na Aparato na Pinapagana ng Baterya

Ang checklist [tala pangsangguni] na ito ng pagpapalano ng kuryenteng pang-emergency ay para sa mga taong gumagamit ng kuryente at pantulong na teknolohiya at mga medikal na aparato na pinapagana ng baterya. Kabilang sa mga aparato na pinapagana ng kuryente at baterya ay:

Mga makinang tumutulong sa paghinga (mga respirador),

Mga de-kuryenteng wheelchair at scooter, at

Mga kagamitang pang-oxygen, pansipsip o pang-dialysis sa bahay.

Mahalaga ang ilan sa kagamitang ito sa iyong antas ng kakayahang kumilos nang sarili at lubhang mahalaga naman ang ibang kagamitan sa pagpapanatili ng iyong buhay! Gamitin ang checklist para makagawa ng mga plano ng reserbang kuryente.

Suriin at i-update ang checklist na ito kada anim na buwan (ang isang paraan para maalalang gawin ito ay tuwing isinasaayos mo ang iyong mga orasan nang pasulong kapag tagsibol at paurong kapag taglagas).



Checklist ng Pagpapalano ng Kuryenteng Pang-emergency para sa Mga Taong Gumagamit ng Kuryente at Pantulong na Teknolohiya at Mga Medical na Aparato na Pinapagana ng Baterya

Petsa ng Pagkumpleto	Hindi Naaangkop	Item
		MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA PAGPAPLANO
		Bumuo ng isang plano para sa mga alternatibong mapagkukunan ng kuryente.
		Basahin ang mga tagubilin ng kagamitan at kausapin ang mga supplier [nagtitinda] ng kagamitan tungkol sa iyong mga mapagpipiliang reserbang kuryente.
		Kumuha ng payo mula sa iyong kompanya ng kuryente ukol sa gagamiting uri ng plano ng reserbang kuryente.
		Suriin tuwi-tuwina ang kagamitan ng reserba o alternatibong kuryente para matiyak na gagana ito sa oras ng emergency.
		Turuan ang maraming tao kung paano gamitin ang mga reserbang sistema at paandarin ang iyong kagamitan.
		Magpanatili ng isang listahan ng mga provider [nagkakaloob] ng alternatibong kuryente.
		<ul style="list-style-type: none">• Tanungin ang iyong pinakamalapit na mga kagawaran ng pulisya at bombero at ospital kung magagamit mo sila bilang reserba para sa kuryente ng iyong kagamitan kung pumalya ang mga reserbang sistema mo.
		Markahan ang lahat ng kagamitan ng iyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono. Magkabit ng mga simple at malinaw na kard ng tagubilin sa kagamitin at i-laminate ang mga ito para mas matibay.
		Magtago ng mga kopya ng mga listahan ng mga serial number at numero ng modelo ng mga aparato, pati na ng mahahalagang tagubilin sa paggamit sa isang di-nababasang lagayan sa iyong supply kit (katipunan ng magagamit) na pang-emergency.
		MGA GUMAGAMIT NG APARATONG PANSUPORTA NG BUHAY
		Makipag-ugnayan sa iyong mga kompanya ng kuryente at patubig tungkol sa mga pangangailangan mo para sa mga aparatong pansuporta ng buhay (pantahanang dialysis, pansipsip, mga makinang pantulong sa paghinga, atbp.) bilang paghahanda sa kapahamakan.
		<ul style="list-style-type: none">• Maraming kompanya ng kuryente ang nagpapanatili ng isang listahan ng "priority reconnection service" (serbisyo pangnauuna sa muling pagkabit) at mapa ng mga lokasyon ng mga customer na umaasa sa kuryente para gamitin sa emergency. Makipag-ugnayan sa kagawaran ng customer service ng iyong mga kompanya ng kuryente para malaman kung magagamit ang serbisyong ito.*



Petsa ng Pagkumpleto	Hindi Naaangkop	Item
		Ipaalam sa iyong kagawaran ng bombero na umaasa ka sa mga aparatong pansuporta ng buhay.
		Dapat na maghanda ang lahat ng mga gumagamit ng respirador [aparto pampaghinga] ng nakahandang resuscitation bag (bomba pampaghinga). Naghahatid ng hangin ang bag kapag pinipisil sa pamamagitan ng isang maskara.
		Kapag sumasailalim ka sa dialysis o ibang mga medikal na paggamot, humingi sa iyong provider ng mga plano para sa emergency at kung dapat bang pumunta para magpagamot kung hindi maabot ang iyong lugar ng gamutan pagkatapos ng isang emergency.
		MGA GUMAGAMIT NG OXYGEN
		Alamin sa iyong provider para matiyak kung maaari kang gumamit ng pinahinang bilis ng daloy sa oras ng emergency para mapatagal ang buhay ng sistema. Itala sa iyong kagamitan ang mga antas para sa pinahinang daloy para madali mong magagamit ang mga ito.
		Alamin ang mga gawing pangkaligtasan sa paggamit ng oxygen:
		<ul style="list-style-type: none">• Iwasan ang mga lugar kung saan may mga tagas ng gas na maaaring lumiyab.
		<ul style="list-style-type: none">• Maglagay ng mga tandang may sulat na "Oxygen in Use" (kasalukuyang gumagamit ng oxygen).
		<ul style="list-style-type: none">• Laging gumamit ng mga flashlight at lampara na pinapagana ng baterya sa halip na mga pailaw na gumagamit ng gas o mga kandila tuwing gumagamit ng oxygen (para mabawasan ang panganib ng sunog).
		<ul style="list-style-type: none">• Panatilihin malapit sa iyo ang pangtigil na switch para sa kagamitang pang-oxygen para madali mo itong magamit sa sandali ng emergency.
		MGA GUMAGAMIT NG GENERATOR
		Tiyaking angkop at makatwiran ang paggamit ng isang generator.
		Maaaring mapagana ng isang de-gas na portable (naililipat) na generator na may kakayahang 2,000 hanggang 2,500 watt ang isang refrigerator at ilang mga lampara. (Nangangailangan lamang ng 15 minutong pag-andar kada oras ang isang refrigerator para manatiling malamig kung papanatilihin mong nakasara ang pinto. Kaya naman, maaari mo itong patayin para magpatakbo ng iba pang mga aparato.)
		Paandarin ang mga generator sa bukas na lugar para matiyak ang magandang pagdaloy ng hangin.



Petsa ng Pagkumpleto	Hindi Naaangkop	Item
		Itago nang ligtas ang gasolina.
		• Ang kahirapan kung nakatira ka sa isang apartment ay ang pag-alam kung paano ligtas na magtago ng sapat na gasolina.
		• Magtabi ng kagamitang panghigop (siphon kit).
		Paandarin nang tuwi-tuwina ang mga generator para matiyak na gagana ito kapag kinakailangan.
		• Maaaring ikabit ang ilang generator sa mga sistema ng kuryente sa bahay; laging makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng kuryente tungkol sa mga napakahalagang kabawalan at mga bagay-bagay pangkaligtasan.
		MGA BATERYANG MAAARING MULING KARGAHAN
		Bumuo ng isang plano para sa kung paano muling kakargahan ang mga baterya kapag walang kuryente.
		Alamin sa iyong tagatinda/supplier kung mayroong mga alternatibong paraan para magkarga ng mga baterya. Kabilang sa mga halimbawa ay:
		• Pagkonekta ng mga jumper cable sa baterya ng sasakyan.
		• Paggamit ng converter na maisasaksak sa pansindi ng sigarilyo sa sasakyan.
		Kung ihahalili ang baterya ng sasakyan para sa baterya ng wheelchair, hindi tatagal ang karga nang tulad ng sa karga para sa deep-cycle (matagal gumagana) na baterya ng wheelchair.
		Kung gumagamit ka ng de-motor na wheelchair o scooter, kung maaari, magtabi rin ng magaan na mano-manong wheelchair pang-emergency.
		• Nangangailangan ang mga nakatabing sobrang baterya ng regular na pagkakarga kahit hindi ginagamit ang mga ito. Kung nakasalalay ang estratehiya ng iyong pagpapanatiling-buhay sa mga nakatabing baterya, maingat na sumunod sa isang schedule ng muling pagkakarga.
		Alamin ang katagalan ng paggana ng anumang baterya na sumusuporta sa iyong mga sistema.
		Alamin ang katagalan ng paggana ng anumang baterya na sumusuporta sa iyong mga sistema.



Fecha en la que se llevó a cabo	No corresponde	Artículo
		KAPAG BUMALIK NA ANG KURYENTE
		Suriin para matiyak na hindi nagbago ang mga setting [kalagayan] sa iyong medikal na aparato (madalas na bumabalik sa default mode [panimulang kalagayan] ang mga medikal na aparato tuwing nawawala ang kuryente).
		IBA PANG MGA RESERBANG PLANO

*Kahit na nasa listahan ka ng “priority reconnection service”, maaaring mawala pa rin nang ilang araw ang iyong kuryente pagkatapos ng isang kapahamakan. Mahalagang mayroon kang mga mapagpipilian ng reserbang kuryente para sa iyong kagamitan

Mga Mapagkukunan ng Higit na Impormasyon

Kahandaan sa Emergency: Pagiging Responsable para sa Iyong Kaligtasan - Mga Payo para sa Mga Taong may Mga Limitasyon sa Pagkilos at Mga Kapansanan
www.espfocus.org

Kagamitang Pinapagana ng Kuryente
<http://www.redcross.org/prepare/disaster/power-outage>

Mga Mapagkukunang Pangkapahamakan para sa Mga Taong May Kapansanan at Mga Tagapamahala ng Emergency
<http://www.jik.com/disaster.html>

Mga video na may kinalaman sa mga generator:

Payo sa Pagbili ng Generator - ipinakita ng mga pagsusuri ng Consumer Reports ang mga bentaha at disbentaha ng mga portable na generator at ang mga kalamangan ng mas mahal na mga alternatibo.
<http://www.consumerreports.org/cro/video-hub/home--garden/tools--power-equipment/>



generator-buying-advice/17037617001/5030179001/

Mga Portable na Generator - Kapag nawala ang kuryente, maaaring maging malaking tulong ang isang portable na generator. Ngunit maaari ding magdulot ng mga panganiib ang mga generator na ito.

<http://www.consumerreports.org/cro/search.htm?query=generators&isTypeAhead=false>

Para sa higit na impormasyon, tumawag at kumausap sa isang espesyalista ng ADA sa 1-800-949-4232. Ililihim ang lahat ng tawag.

El contenido fue desarrollado por Pacific ADA Center y se basa en el consenso profesional de los expertos de la ADA y de la Red Nacional de la ADA.



Pacific ADA Center
Miyembro ng ADA
National Network.
555 12th Street, Suite 1030
Oakland, CA 94607
Libre: 800-949-4232 V/TTY
Local: 510-285-5600 V/TTY
Fax: 510-285-5614
<http://www.adata.org/>

Binuo ang yaring impormasyon na ito sa ilalim ng mga gawad mula sa Department of Education (kagawaran ng pagtututo), na may numero ng gawad ng NIDDR na H133A110014 at mga gawad mula sa Department of Health and Human Services (kagawaran ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao), na may numero ng gawad ng NIDDR na 90DP0021 at 90DP0015. Hindi nangangahulugan na kumakatawan ang mga nilalaman sa patakaran ng mga Kagawarang ito, at hindi mo dapat ipagpalagay ang pagpapatibay ng Federal na Pamahalaan.

© Karapatang-ari 2018 ADA National Network. Nakalaan Ang Lahat ng Karapatan. Maaaring makopya at malayang ipamahagi nang may pagkilala sa ADA National Network (www.adata.org).